BAYAN NG TAYTAY · LALAWIGAN NG RIZAL · REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

## Tanggapan ng Sangguniang Bayan

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIAN BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG PEBRERO 1, 1996, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Benjamin L. Esguerra, Jr. | - Pang. Punong Bayan Tagapamatnugot |
| Kgg. George Ricardo R. Gacula | - Konsehal |
| Kgg. Nathaniel C. Aguilar | - " (O.B.) |
| Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr. | - " |
| Kgg. Alfredo S. de Leon | - " |
| Kgg. Ernesto G. Policarpio | - " (O.B.) |
| Kgg. Noel Ireneo E. Reyes | - " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - " |
| Kgg. Randy S. San Juan | - " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - ABC President |
| Kgg. Janet D. de Leon | - SK President |

HINDI-DUMALO; WALA.

- - - - - - - - - - -

KAPASIYAHAN BILANG 13

KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG KARAPATAN SA INGAT-YAMAN NG BAYANG ITO, GNG. JOSEFINA O. DE JESUS, NA KUNIN SA PONDO NG "CULTURAL PRESENTATION" ANG HALAGANG ₱ 44,000.00 UPANG IPAMBAYAD SA ASISTEN-SIYA NG DALAWANG BANDA NG MUSIKO, TAYTAY BANDA UNO AT BANDA DOS, PARA SA PISTANG BAYAN NG TAYTAY.

SAPAGKAT, sa sesyong ito ng Sangguniang Bayan ay napagsalabayan ang ukol sa dalawang banda ng musiko, ang Taytay Banda Uno at Banda Dos, na aasiste sa Pistang Bayan ng Taytay;

SAPAGKAT, napagkaisahan ng kapulungan na ang halagang ₱ 44,000.00 na pambayad sa nasabing dalawang banda ng musiko ay kunin sa "Cultural Presentation";

DAHIL DITO, matapos ang masusing pagaaral at pagpapalitan ng kuro-kuro, sa mungkahi ni Kon. Anastacio V. Alcantara na pinangalawahan ni Kon. Janet D. de Leon, ay,

PINAGPASIYAHAN, na kagaya ng pagkakapasiya, na bigyan ng karapatan kagaya ng pagkakabigay ng karapatan ang Ingat-Yaman ng bayang ito, Gng. Josefina O. de Jesus, na kunin ang pondo sa "Cultural Presentation" na halagang ₱ 44,000.00 upang ipambayad sa dalawang banda ng musiko, Taytay Banda Uno at Banda Dos na aasiste sa Pistang Bayan ng Taytay;

PINAGPASIYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng kapasiyahang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran at upang mabigyan ng kaukulang hakbang;

PINAGTIBAY, ngayong ika-1 ng Pebrero, 1996, dito sa Session Hall, Gusaling Pamahalaan, Taytay, Rizal.

BENJAMIN L. ESGUERRA, JR.
Pang. Punong Bayan at Tagapamatnugot

PINATOTOO:

ABGD. EDWIN P. CRUZ
Kalihim-Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

GODOFREDO C. VALERA